Panalangin ng Diyosesis ng Saitama

Mapagmahal na Ama,

Kagaya ng butil ng trigo na nahulog sa lupa, ang binhi ng Ebanghelyo na inihasik kasama ang dugo ng mga Kristiyanong martir, ng mga naglalakad na mga misyonero na siyang nagbukas ng Diyosesis ng Saitama. ①

Pinasasalamat ka namin galing sa aming mga puso dahil sa espirituwal at material na suporta na aming natanggap galing sa maraming mga tao magpahanggang ngayon, walongput tatlong taon na ang nakalipas mula sa pagkatatag ng diyosesis.

Kami na tinawag upang maging taga-taglay ng Ebanghelyo sa gitna ng mga tao sa makabagong panahon, na kahit sa gitna ng kasaganaan ay nakakaramdam pa rin ng gutom sa kanilang mga puso, ay muling magpasya na baguhin muna ang aming mga sarili, upang iwaksi ang “lumang pagkatao” at mamuhay sa pamamagitan ng lakas ng Ebanghelyo bilang mga “disipulo ni Kristo”. ②

Ama, nakikiusap kami na gawin mo kaming mga tao na babasag sa mga balakid ng pagkahati-hati, at kami’y magiging hudyat ng pagsalungat tungo sa inhustisya. ③

Tulungan mo kami na nakikibahagi sa Iisang Tinapay na maging maralita upang mapayaman ang maraming tao at wala kaming pag-aari ni ano man upang makaangkin ng maraming bagay. ④

At upang kami ay makasapi sa makalangit na kaharian, nakikiusap kami na palagi mo kaming bigyan ng biyaya na maging mga taong maralita sa espiritu. ⑤

Hinihiling namin ang lahat ng ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon. Amen.

Mga tala: ① Juan 12:24, ② Efeso 4:23, ③ Efeso 2:14, Lukas 2:35
④ I Korinto: 10:17, II Korinto 6:1, ⑤ Mateo 5:3